

KWENTONG-K

Mga kwentong may-K, halina't basahin at ibahagi!

ABRIL 2017



Sipat-Landas 2017. Ilang mga larawan mula sa ginanap na Sipat-Landas sa Alitagtag Nature Retreat, Batangas. Ginanap ito sa buong buwan ng Pebrero hanggang unang linggo ng Marso; kung saan maraming kaalaman at kwento ang kumintal sa puso at isipan ng mga empleyadong dumalo.

Ilan sa mga saloobin ng mga empleyadong naging bahagi ng K-Kwentuhan sa Sipat-Landas:

"Para sa akin, ang dahilan ng aking pananatili ay ang mga nanay, mga kasama sa team, at ang suporta ng branch. Pinapagtibay nito ang interest sa trabaho upang patuloy na matuto at ma-develop ang aking pagkatao."

"Noon, naiinis ako sa manager ko dahil utos siya ng utos, pero nung naging manager ako, hindi pala madali. Salamat sa Kasagana-ka dahil binigyan ako ng second chance. Kung sa relasyon may second chance, sa Kasagana-ka meron din."

"Makikita mo kung gaano nakakatulong sa mga nanay ang Kasagana-ka, umaangat ang buhay nila. Dito sa Kasagana-ka, tinuruan ako na maging malapit sa family ko. Dahil sa Days with the Lord, natutunan kong magpatawad."

MGA HAKBANG SA TAGUMPAY

ni Manoa Roseane Medel

Si Ate Nelia Zamora, 52 taong gulang ay halos 15 taon ng miyembro ng Kasagana-ka. Ang kaniyang pamilya ay kasalukuyang naninirahan sa kanilang sariling bahay sa *City of San Jose Del Monte, Bulacan*.

Taong 2002 nang malaman at makilala niya ang Kasagana-ka sa pamamagitan ni Ate Regina Binabante. Hinikayat nito si Ate Nelia na kailangan nilang bumuo ng tatlong grupo na mayroong tig-limang miyembro upang sila ay ma-orient. Mula roon ay nagsimula ang kaniyang pagiging miyembro ng Kasagana-ka.

Noong March 4, 2002 ay nabuo ang kasalukuyang sentro ni Ate Nelia, ang naisip niya ay isang *beautiful spot* kaya ito ay pinangalanang '*Banawe Rice Terraces*'. Mayroon silang 24 miyembro noong panahon na iyon.

Taong 2004 nang mag lie-low si Ate Nelia na tumagal ng halos isang *cycle*. Ang naging dahilan nito ay ang labis na pagiging abala sa negosyong carinderia. Nagsimula ang kaniyang negosyo sa may *bus terminal* sa Area H ngunit 3 buwan lang ang itinagal nito at isinarado ang carinderia sapagkat nagkaroon ng gulo sa mga *dispatcher*, mga kundoktor at driver ng bus. Muli siyang nakaisip na mag-negosyo at ito ay ang pagtitinda ng puto at kutsinta na tumagal din ng ilang buwan. Kasabay nito ay ang isa pang negosyo na *Buy and Sell ng Pampanga's Best Frozen Products*.

Dahil sa pag *lie-low* ni Ate Nelia na halos limang buwan ang itinagal, ipinasa niya muna sa iba ang pamamahala ng sentro. Doon na nagsimulang magkaproblema ang kanilang sentro. Dumating pa sa punto na binababaan na sila ng noon ay Executive Director na si Kuya Jun Marcelo dahil wala nang masingil sa kanilang sentro. Sa nangyaring iyon ay bumaba ang bilang ng miyembro ng kanilang sentro, mula sa dalawampu't apat ay naging lima na lamang at mayroon pang kaakibat na napakalaking *past due*.

Taong 2005 ay patuloy pa din si Ate Nelia sa pagpapatakbo ng kaniyang negosyo at naisipan niya na muling bumalik bilang *active member* at muling maging *center chief* ng sentro. Ito ay naging malaking hamon para sa kaniya noong una dahil sabay-sabay ang mga bagay na dapat ay pagtuunan niya ng pansin; pamilya, negosyo, at sentrong hinahawakan.

Upang malagpasan ang mga hamon na ito ay sinimulan niyang pagtiwalaan ang kaniyang sarili. Ito ang naging armas niya sa pagtatayo at pagpapatakbo ng kaniyang negosyo. Kulang man ang kaalaman sa pagpapatakbo ng negosyo subalit hindi ito naging hadlang kay Ate Nelia upang huminto. Bukod dito, naging daan ang Kasagana-ka upang siya ay magkaroon ng karagdagang *capital* sa negosyong nais niyang ipatayo. Natutunan din niya ang pag-iimpok, upang mayroong magagamit sa panahon ng emergency. Ang Kasagana-ka ay naging malaking tulong kay Ate Nelia sa loob ng mahabang panahon. Halimbawa na lamang ay sa pagsuporta sa pag-aaral ng kaniyang mga anak. Sa pamamagitan ng K-Edukasyon loan, ang pagbibigay ng edukasyon sa mga anak ay naging magaan para sa kaniya.

Samantala, sa kanilang sentro, ang mga miyembro na inalis at mayroon pang naiwang balanse ay naging suliranin nila. Ngunit dahil sa kooperasyon at determinasyon ng mga natirang miyembro at kagustuhan na mapaayos ang sentro ay nagtulungan ang lahat upang maisaayos ang mga naiwang balanse. Sumunod na suliranin naman ay ang pagdaragdag ng mga miyembro sa kanilang sentro. Ang ginawa ni Ate Nelia na hakbang upang ito ay matugunan ay ang matinding pagsala at pagpili sa mga miyembro na nais maging parte ng kanilang sentro. Dahil sa kaniyang naisip na pamamaraan, ang kanilang sentro ay nakabangon at muling nadagdagan ng maaayos at mahuhusay na mga miyembro. Sa mga problemang kanilang hinarap ay mas naging matibay at matatag pa ang kanilang sentro. Bilang isang empleyado ng Kasagana-ka, ang aking



Si Ate Nelia Zamora, member mula sa Sapang Palay Satellite Office. Sa kaniyang kasipagan ay maayos niyang napapamahalaan ang kaniyang pamilya, negosyo, at sentro.

rekomendasyon ay lalo pang ipagpatuloy ni Ate Nelia ang pagiging responsable, disiplinado, at lakas ng loob. Dahil ito ang daan upang siya ay maging matatag at handa sa mga paparating na mga suliranin. Sa una ay may mga balakid at kinakailangan talaga na mag-take ng risk upang mapatakbo ng maayos ang isang negosyo. Naranasan ko din iyon sa pag-nenegosyo, maraming kakompetensya na nasa paligid ngunit kailangang maging positibo at tumingin sa mga oportunidad na maaring dumating sa iyong negosyo.

Kailangan din ay detalyadong isa-isahin ang mga *strength*, *weaknesses*, *opportunities* at *threats* na posibleng maging istratehiya sa pagpapatakbo ng isang negosyo. Mahalaga rin ang masusing *decision making*. Sa bawat desisyon na kaniyang gagawin sa negosyo ay maaring magbunga ng positibo o negatibo. Mainam na rin ang pagtukoy ng *needs* (kailangan) at *wants* (gusto) ng iyong *market* dahil ito ay makakatulong upang umunlad ang negosyo. Bilang SO ng Kasagana-ka, nakita ko na mas naging maayos ang estado ng buhay at negosyo ni Ate Nelia. Makikita na mas naging matibay at matatag siya sa pagharap sa mga suliranin. Sa kaniyang kaayusan sa pamumuno ay naunawaan ko na ang Kasagana-ka ay nakakatulong sa bawat mamamayan na bahagi nito. Hindi lamang sa paglago ng kanilang kabuhayan kundi sa pagbubuo ng maayos na relasyon sa mga taong kanilang nakakasalamuha. Karagdagan na lang ang pagtulong sa kapwa, disiplina, at obligasyon na nakaatang sa kanila. Ang *perseverance* ang kanilang magiging susi sa tagumpay na nais nilang marating.

Si Ate Nelia Zamora ay member mula sa Sapang Palay Satellite Office. Siya ay nasa 25th loan cycle at may loan amount na Php 35,000.

Ang lathalaing ito ay mula sa case study ni SO Manoa Roseane Medel noong siya ay SO Probationary pa lamang sa Sapang Palay Satellite Office. Ang mga empleyadong nasa probationary status ay required na magsulat ng case study. Sa kasalukuyan siya ay regular na SO at naka-assign pa din sa nasabing Satellite Office.

ANG AKING MAHALAGANG GAMPANIN

ni Jucel R. Apellanes

Ako na siguro ang pinakamasayang tao noong ako ay matanggap bilang empleyado ng Kasagana-ka dahil alam ko na maibibigay ng organisasyon ang *regularization* na hinahanap ko sa isang trabaho. Ang mga nakaraan ko kasing trabaho ay puro *contractual* lamang. Kinailangan kong mag-*adjust* sa trabahong mayroon ako ngayon dahil ibang-iba ito sa mga trabahong nakasanayan at nakagamayan ko na dati.

Noong magsimula akong magtrabaho sa Kasagana-ka, masaya ako na *excited* at may halong kaba at nerbiyos dahil hindi ko alam ang mangyayari sa first day ko bilang *Socioeconomic Officer Trainee (SOT)*. Kung magiging maayos at kakayanin ko ba talaga ang trabahong pinasukan ko o hindi. Noong una ay napakadami kong pagkakamali at kulang-kulang ang aking pag-*fill up* sa mga *loan request*. Para matuto ay pina-liwanagan at tinuruan ako ng aking mga katrabaho. Ipinanunawala sa akin ang mga bagay na hindi ko maintindihan at itinuro nila sa akin ang mga dapat ko pang malaman. Ang sabi nila sa akin ay magtanong lang daw ako kung may mga bagay pa akong gustong maunawaan. Namamangha ako sa kanila dahil sa tuwing may itatanong ang mga miyembro patungkol sa serbisyong ibinibigay ng Kasagana-ka ay nasasagot nila ito ng mabilis at maayos.

Itinuro nila sa akin ang mga dapat kong gawin sa loob ng opisina at sa sentro. Noong magsimula akong bumaba sa mga sentro ay di ko pa maramdaman ang *pressure* sa trabaho dahil lagi ko pang kasama sa *center meeting* si Ate Mel, ang aming *Satellite Office Manager*. Kapag may problema sa sentro, siya ang nag-aayos at kapag may katanungan ang miyembro ay siya din ang sumasagot. Ginagabayan at tinuturuan din ako ng lahat ng mga kasama ko sa opisina. Noong nag-umpisa na akong bumaba sa sentro mag-isa ay doon ko na naramdaman ang responsibilidad ng isang SO. Naranasan kong mag-*sit down* dahil walang panghulog ang miyembro at walang pang-abono ang kaniyang *co-maker*. Minsan ay hindi maiiwasan na hapon na akong nakakabalik ng opisina dahil

sa mga ganoong problema. Sa isang sentro ay hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng problema kaya kailangan ng mahabang pasensya at pang-unawa. Marami din akong pagkakamali na nagawala lalong lalo na sa mga *withdrawals* at madalas akong ma-*over withdraw*. Kapag minsan ay napapagalitan at napagsasabihan ako ay iniisip ko na lang na may pakialam sila sa akin at gusto nila akong matuto.

Ang isang empleyado ay dapat marunong sumunod sa mga *rules and regulations* ng kaniyang pinapasukan. Marunong din dapat siyang makisama sa mga katrabaho niya. Nalaman ko dito na ang isang SO ay kailangang maging magiliw at maayos ang pakikitungo sa kaniyang mga miyembro. Dapat mahalinhang ang mga miyembro na parang kapamilya natin. Ipadama sa kanila na mahalaga sila dahil kung wala sila, wala din tayo dito. Sila ang dahilan kung bakit may Kasagana-ka. Kailangan din ay *fair* o pantay-pantay ang pakikisama ng SO sa miyembro. Natutunan ko rin na dapat ay *on-time* na nakakarating ang SO sa *center meeting* dahil dapat siya ang unang tumutupad sa polisiya at maging huwaran ng mga miyembro. Dapat na ginagawa ng maayos ng isang empleyado ang kaniyang trabaho may nakatingin mang manager o wala. Maging tapat sa lahat ng bagay lalong lalo na sa mga miyembro. Maging matiyaga sa ginagawang trabaho dahil ang SO ang pumupunta sa *area* upang magsagawa ng *center meeting*, umulan man o umaraw ay kailangan niyang pumunta sa kaniyang sentro. Noong bago pa ako pumasok sa Kasagana-ka, medyo mahiyain ako, mahina ang boses kapag nagsasalita at nahihiyain akong magsalita sa harap ng madaming tao. Ngunit dahil ito ang trabaho ko, ang humarap at makipag-usap sa iba't ibang tao, nasanay na ako at medyo naba-wasan ang pagiging mahiyain ko.



Si SO Jucel (nakabilog) kasama ang ilang mga miyembro sa kanilang center meeting. Para sa kaniya, isang mahalagang gampanin ang pagiging SO.

Nasasanay na rin akong humarap sa maraming tao. Noon, hindi ko pa man nagagawa ang isang bagay ay iniisip ko na agad na hindi ko ito magagawa. Pero ngayon, mas gusto ko ng subukang gawin ang isang bagay bago ko sabihin sa sarili ko na hindi ko kaya. Sa tingin ko ay makakatulong din sa akin upang ako ay maging mahusay na empleyado kung mararanasan ko ang mga problemang dumarating bilang isang SO. Sa ganon ay matututunan ko kung paano harapin at solusyunan ang ganoong problema sa panahon na dumating man ito sa akin. Naranasan ko na rin ang mag-*sit down* ng miyembro na walang panghulog, mga miyembro na hindi nagpapakita sa sentro at hindi nagagampanan ang kanilang lingguhang responsibilidad sa Kasagana-ka. Sa mga ganitong bagay o sitwasyon, dito nasusukat kung gaano ka ka-seryoso, kung gaano mo kamahal at kagusto ang pinasukan mong trabaho. Naging hamon din sa akin ang pagpapanatili ng kaayusan ng isang sentro. Para maging maayos ito ay kailangan na nakikita sa SO ang pagiging responsable at disiplinado.

Napakahalaga ng aking gampanin bilang isang SO ng Kasagana-ka. Ang mga SO ang nagsisilbing tulay ng organisasyon sa mga miyembro, ang nagiging daan upang maiparating ang mga bagong serbisyo, ang bumababa sa area para mag-*facilitate* ng *center meeting*, humarap sa mga miyembro at sumasagot sa mga katanungan patungkol sa Kasagana-ka. Ang mga SO ang nag-*update* ng mga *loan* at *savings passbook* at nagpoproseso ng mga *loan request* ng mga miyembro. Tunay ngang mahalaga ang papel ng isang SO dahil kapag mayroong problema sa sentro ay sila ang humaharap dito, kasama na din ang ibang miyembro.

Ito ay reflection paper ni Jucel R. Apellanes noong siya ay Socioeconomic Officer (SO)-Trainee. Ang mga empleyadong nasa trainee status ay required na magsulat ng reflection paper. Sa ngayon siya ay isa ng regular na SO at naka-assign sa Marikina Satellite Office.

MAGING HANDA: MAGPLANO KASAMA ANG PAMILYA

ni Angelyn Jolo



Sa nakalipas na mga araw ay sunod-sunod ang mga naging pag-lindol sa magkakaibang bahagi ng ating bansa. Tunay nga na ang kalamidad ay maaring mangyari sa anumang panahon at sitwasyon. Maaring sa panahon na iyon ay kasama natin ang ating pamilya o kaya naman ay nasa labas tayo ng ating tahanan. Sa ganitong pagkakataon ay napakahalaga ang pagkakaroon ng *Family Disaster Plan*, dahil sa pamamagitan nito ay nagiging handa ang bawat isang miyembro ng pamilya sa panahon na maganap ang isang kalamidad.

Narito ang *Four Steps to Safety*, mga pamamaraan para sa pagdevelop ng ating *Family Disaster Plan*:

1. Tukuyin kung ano ang maaaring mangyari sa inyo.

Makipag-ugnayan sa inyong *Barangay Disaster Risk and Management Council* sa kung anong mga sakuna ang maaring mangyari sa inyong lugar. Mahalaga din na malaman kung ano ang inihandang sistema ng inyong barangay sa panahon ng kalamidad. Kung mayroon silang *public warning system*, ano ang tunog nito? Paano niyo malalaman na iyon pala ay babala na? Kung kayo naman ay nag-aaral o nagta-trabaho, importante din na alamin ninyo ang *disaster plans* ng inyong opisina o paaralan.

2. Maglikha ng *Family Disaster Plan*.

Matapos matukoy ang mga kalamidad na maaring mangyari sa inyong lugar, ang kasunod na dapat gawin ay pag-usapan niyong buong mag-anak kung paano ninyo ito paghahandaan.

Narito ang ilang paraan sa paggawa ng *Family Disaster Plan*:

- Kausapin ang buong pamilya at ipaliwanag sa kanila kung bakit kailangang paghandaan ang mga kalamidad. Ipaunawa ang panganiib na dulot ng sunog, masamang panahon, at lindol sa mga bata. Gawin itong simple lamang para madali nila itong matandaan.
- Pumili ng dalawang lugar kung saan kayo maaring magkita-kita matapos ang kalamidad. Una, sa isang lugar na nasa labas ng inyong bahay para sa panahon ng biglaang sakuna tulad ng sunog. Pangalawa, sa isang lugar na nasa labas ng inyong komunidad para sa panahon na hindi kayo makauwi ng bahay o pinayuhan ng barangay na mag-*evacuate*. Lahat ng miyembro ng pamilya ay dapat na alam ang *address at phone number* ng *meeting locations*.
- Magkaroon ng *emergency communication plan*. Kung ang isang miyembro ng pamilya ay nahiwalay sa panahon ng kalamidad, mayroon dapat na plano kung paano kayo magkakasama-sama muli.

- Kausapin ang isang kamag-anak na nakatira sa malayo o kaya ay isang kaibigan na sila ang inyong gagawing '*family contact*.' Matapos ang kalamidad, lahat ng *family member* ay dapat na tawagan ang '*family contact*' na iyon at sabihin dito kung nasaan sila. Lahat dapat ay alam ang pangalan, *address at phone number* ng '*family contact*'

3. Gawin ng kumpleto ang mga nasa *checklist* ng inyong *Family Disaster Plan*.

- Ipaskil ang mga *emergency phone numbers* (*fire department, police, ambulance, etc.*)
- Turuan ang mga miyembro ng inyong pamilya na mayroong kakayanan na magsara ng kuntador ng tubig at kuryente, ng gas at ng mga main switch.
- Tiyakin na mayroon kayong insurance.
- Ihanda ang inyong *Emergency Go Bag*- ito ay bag na naglalaman ng inyong mga kakailanganin sa panahon ng kalamidad. Halimbawa ay pagkain, damit, mga gamot, at iba pa. Ang payo ay isang *Emergency Go Bag* para sa bawat miyembro ng pamilya.
- Mag-photocopy ng inyong mga mahahalagang dokumento at ilagay ang mga orihinal na kopya sa isang safe deposit box at ang ikalawang kopya ay sa isang kamag-anak na nakatira sa malayo.
- Mag-subscribe sa alert services. Maraming organisasyon sa ngayon ang may mga sistemang nagpapadala ng instant text alert o mga e-mail upang ipaalam sa inyo ang anumang update sa bagyo, traffic sa kalsada, lokal na emergency at iba pa.

4. Sanayin at panatilihin ang inyong mga plano

Ang pagsasanay ng inyong plano ay makakatulong upang maging akma ang inyong pagtugon sa panahon ng kalamidad.

- Magbigay ng pagsusulit sa inyong mga anak kada anim na buwan para maalala nila ang mga *meeting place, phone numbers* at ilang *safety rules*.
- Magsagawa ng fire at emergency evacuation drills ng hindi bababa sa dalawang beses sa isang taon.
- Palitan ang mga inimbak na pagkain, tubig, gamot, o anuman na maaring ma-expire kada 6 na buwan.

Ang kahandaan ay magdudulot sa atin ng kapayapaan. Kaya mahalaga na hindi lamang tayo ang handa kundi maging ang ating mga mahal sa buhay.

Isinalin sa tagalog mula sa '*Family Disaster Plan*' ng *National Disaster Education Coalition*.



Contributing Writers

Manoa Roseane Medel
Jucel R. Apellanes

Layout

Angelyn Jolo

Editor

Armeena Celine Pascual- Ramos

Ang Kwentong-K ay ang opisyal na pahayagan ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO). Ito ay nagdodokumento ng iba't ibang kaganapan na humubog sa mga client-beneficiary, mga empleyado, at buong institusyon. Ito din ay nagbibigay ng mga napapanahong impormasyon na makakatulong sa mga mambabasa nito.